



Philippine Biblical Worldview Institute

Certificate in Biblical Studies BS200 Ang Mga Patriarchs

CBS204 Isaac
Conrad Jun Tolosa

Abraham at Isaac

Makaraan ang ilang taon, sinubukan ng Diyos si Abraham. Inutusan Niyang isama ng ama ang kanyang anak na si Isaac at ihain siya bilang handog doon sa isang bundok sa Moriah.

Pagbukang liwayway, naghanda si Abraham ng mga panggatong at isinama niya si Isaac at dalawang katulong at humayo sila papuntang Moriah. Nang malapit na sila sa bundok, huminto sila at sinabihan ni Abraham ang mga katulong na maghintay na lamang sa pagbabalik nilang mag-ama. Nagtaka si Isaac na mayroon ngang mga panggatong at apoy, subalit wala namang panghandog. *Ang Diyos mismo ang maglalaan ng korderong panghandog*, ang tugon ni Abraham. At sila ay nagpatuloy sa paglalakad. Nang sila ay nasa tuktok na, gumawa si Abraham ng isang altar at iginapos niya si Isaac at nilagay sa ibabaw ng panggatong.

Binahagi ng Hebrews 11 ang laman ng puso ni Abraham sa pagkakataong ito na sinubukan ng Panginoon ang pananalig ng taong pinangakuan Niya na magiging ama ng di-mabibilang na inapo. Ang nasa puso ni Abraham ay ito: May kapangyarihan ang Diyos na buhayin muli ang isang patay. Kaya wala siyang atubili na ihandog si Isaac sa Panginoong Diyos.

Nang akma nang sasaksakin ni Abraham si Isaac, malakas na boses ng anghel ng Diyos ang kanyang narinig mula sa kalangitan. Dalawang beses binanggit ang kanyang pangalan, at sinabing, *Huwag mong saktan ang bata. Alam ko na ngayon na ikaw ay may takot sa Diyos, sapagkat hindi mo ipinagkait ang iyong anak, ang iyong kaisa-isang anak.*

Pagkatapos ay nakita ni Abraham ang isang tupa na ang sungay ay nakaipit sa nagkumpulang mga sanga, at ito ang ginamit niyang panghandog kapalit ni Isaac. Kaya tinawag niya ang lugar na iyon na, *Ang Diyos ang maglalaan*. At hanggang ngayon ang pagkilala sa lugar na iyon ay, *Sa bundok ng Panginoon ay mayroong ilalaan*.

Muling nagsalita ang anghel ng Panginoon, *Dahil hindi mo ipinagkait sa Akin ang iyong kaisa-isang anak, siguradong pagpapalain kita at gagawin kong kasingdami ng mga bituin sa kalangitan at mga butil ng buhanginan ang iyong mga descendants. Pag-aarian nila ang mga siyudad ng kanilang mga kaaway, at sa pamamagitan ng iyong supling lahat ng bansa sa mundo ay pagpapalain, dahil sa sinunod mo Ako.*

Isinasalarawan ng pangyayaring ito sa buhay ng mag-amang Abraham at Isaac ang ginawa ring pag-aalay ng Diyos Ama sa Kanyang kaisa-isang Anak na si Jesus bilang handog sa Diyos. Ang theological term dito ay *Doctrine of Substitution*. Walang sinumang tao na makapagbabayad ng pagkaka-utang ng kapwa-tao sa Diyos dahil sa kanyang kasalanan. Ang patay ay walang maiaalay na buhay sa Diyos bilang kapalit ng kanyang sinapit na kamatayan. Si Cristo lamang ang nabuhay na hindi nagkasala. Siya lamang ang may buhay na maihahandog sa Diyos bilang kapalit ng ating kamatayan.

Nang pinaalis ni Sarah ang mag-inang Hagar at Ishmael, sinabihan ng Diyos si Abraham na huwag mabahala sapagkat sa pamamagitan ni Isaac tutuparin ng Diyos ang Kanyang pangako na pararamihin Niya ang kanyang mga inapo.

Si Ishmael ay ipinanganak sa laman, sa kabilang palad, si Isaac ay ipinanganak sa kapangyarihan ng Espiritu. Ang lahat ng kayamanan ni Abraham ay iniwan niya kay Isaac.

Isaac at Rebekah

Isang hapon, pumunta si Isaac sa bukid upang magmuni-muni. Napansin niya na may papalapit na isang caravan. Natanaw din pala siya ni Rebekah na sakay ng isang camelyo; agad siyang bumaba. Nagtanong siya sa isang kasama na nagsabing iyon ang amo nila. Kinuha ni Rebekah ang kanyang belo at tinakpan niya ang kanyang sarili.

Ikinuwento ni Eliezer (ang katiwala ni Abraham) kay Isaac ang lahat nang pangyayari, kung paano na siya ay pinasumpa ni Abraham na ihanap siya ng mapapangasawa doon sa kanyang lupang-sinilangan; at kung paano na siya ay ginabayan ng Panginoon sa makilala si Rebekah.

Ininama ni Isaac si Rebekah sa tolda ng kanyang ina. Muling bumalik ang aliw sa buhay ni Isaac matapos na pumanaw si Sarah. Forty years old si Isaac nang magpakasal sila ni Rebekah. Ipinalangin niya ang kanyang asawa sapagkat siya ay baog. Dininig naman ng Diyos ang kanyang panalangin. Nagdalang-tao si Rebekah at siya ay nagsilang ng kambal.

Maliwanag na para kay Abraham napakahalaga ang mapapangasawa ng kanyang anak. Alam niya ang pananaw sa buhay at mundo ng mga taga-Canaan, na sila ay sumasamba sa huwad na Diyos; at alam niya na kapahamakan lamang ang hantungan ng ganoong uri ng pananaw.

Nagkaroon ulit ng taggutom tulad nang panahon ni Abraham. Nagtungo si Isaac sa Gerar, sa kaharian ni Abimelech. Sinabi sa kanya ng Diyos na huwag tumuloy sa Egypt at manatila siya doon. Pinangako rin ng Diyos kay Isaac na darami ang kanyang mga magiging inapo na kasing dami ng mga bituin, ibibigay Niya ang lahat ng lupain doon sa kanila at lahat ng bansa sa mundo ay mabibiyayaan dahil naging masunurin si Abraham sa Kanyang mga batas at alituntunin. Kaya naman nanatili si Isaac sa Gerar.

Sa Gerar, ang takot ng kanyang ama – na baka siya mapatay dahil sa kagandahan ng kanyang asawa – ay minana ni Isaac. Kaya ang pagpapakilala niya kay Rebekah ay kapatid. Subalit napagtanto ni Abimelech ang katotohanan nang minsang makita niya na nilalambing ni Isaac si Rebekah. Nabagabag ang hari at dali-daling ipinag-utos sa buong kaharian na ang sinumang mangmolestya kay Rebekah ay tiyak na mamamatay.

Pinagpala ng Diyos ang mga pananim at alagang hayop ni Isaac hanggang sa siya ay sukdulang yumaman at kainggitan ng mga Palestina. Dahil dito pinalayo ni Abimelech si Isaac sa kanyang kaharian. Naglakbay si Isaac patungo sa Beersheba at doon muling nakipagusap sa kanya ang Diyos. Inulit ng Diyos ang Kanyang pangako na pararamihin Niya ang mga inapo ni Isaac alang-alang kay Abraham. Nagtayo si Isaac ng altar at sumampalataya sa Diyos.

Naikwento kaya ni Abraham kay Isaac ang kanyang karanasan sa Egypt at sa Gerar kung saan ipinagkaila niya na si Sarah ay kanyang asawa dahil sa takot na baka siya mapatay? Kaya ba ginaya ni

Isaac ang ginawa ng kanyang ama dahil sa dalawang beses na hindi napahamak si Abraham sa ginawa niyang pagsisinungaling?

Hindi naman ibig sabihin kapag hindi agad hinusgahan ng Diyos ang isang kasalanan ay pwede na nating ulit-ulitin ang kasalananang iyon. Huwag nating kalimutan na ang bawat kasalanan ay abominasyon sa harapan ng banal na Diyos.

Huwag din naman nating kalimutan na ang bawat kasalanan ng mga anak ng Diyos ay binayaran ng Panginoong Jesus doon sa krus ng Kalbaryo nang ialay Niya, bilang mabuting pastol ang Kanyang buhay para sa Kanyang mga tupa.

Multiple Choice:

1. Bakit hindi nag-alinlangan si Abraham na sundin ang inutos ng Diyos na ialay ang kanyang kaisa-isang anak?
 - a. Sapagkat alam niyang hindi ito ipapa-tuloy ng Diyos.
 - b. Sapagkat alam niya na magbabago ang isip ng Diyos.
 - c. Sapagkat alam niya na may kapangyarihan ang Diyos na buhayin muli ang isang patay.
 - d. All of the above.
2. Alin sa mga sumusunod na statement ang tama?
 - a. Ang Diyos ay nagbibigay ng pagsubok upang ma-test ang tatag ng ating pananampalataya sa Kanya.
 - b. Ang Diyos ay nagbibigay ng pagsubok upang makita kung gaano tayo kagaling na solusyunan ito.
 - c. Ang Diyos ay nagbibigay ng pagsubok upang ipakita ang ating kahinaan.
 - d. Ang lahat ng statement ay mali.
3. Ano ang matutuhan natin sa kuwento nila Abraham at Isaac?
 - a. Ang pagsunod ni Abraham sa utos ng Diyos ay bunga ng kanyang pagtitiwala na ang Diyos ay Mabuti at tapat sa Kanyang mga pangako.
 - b. Sinunod ni Abraham ang Diyos bagamat hindi niya alam kung tapat nga ang Diyos na pararamihin Niya talaga ang kanyang mga inapo.
 - c. Si Abraham ay walang pag-ibig sa kaisa-isang anak nya.
 - d. Wala sa choices.
4. Bakit mahalaga kay Abraham kung saang lahi manggagaling ang mapapangasawa ng kanyang anak na si Isaac?
 - a. Sapagkat nais ni Abraham na sa loob lamang ng kanilang angkan manatili ang kanilang yaman.
 - b. Sapagkat ayaw niyang malayo ng tirahan ang kanyang anak at magiging asawa.
 - c. Sapagkat ayaw ni Abraham ng foreigner at mahaluan siya ng ibang cultura.
 - d. Sapagkat ayaw niyang makapangasawa si Isaac ng isang pagan woman at walang pagkakakilala sa Diyos.
5. Ano ang pagkakatulad ng mag-amang Abraham at Isaac?
 - a. Kapwa sila nananampalataya sa Diyos.
 - b. Kapwa sila nagsinungaling upang ma-protektahan ang kanilang sarili at ang kanilang asawa.
 - c. Kapwa sila pinagpala at pinadami ng Diyos ang kanilang mga ari-arian.
 - d. All of the above.

6. Alin ang tamang statement?
- a. Naging mahirap para kila Sarah at Rebekah ang magkaroon ng anak.
 - b. Pareho silang gumawa ng sariling paraan upang ang kanilang mga asawa ay magkaanak.
 - c. Naging mahirap para sa kanila na iwan ang kanilang pamilya bago nila makilala ang kanilang magiging asawa.
 - d. Pareho silang walang pananampalataya sa Diyos ng kanilang mga asawa.
7. Ipinalangin ni Isaac si Rebekah sa Diyos upang ang kanyang asawa ay magkaanak. Dumating ang panahon na dininig ng Diyos ang kanyang panalangin. Ano ang dapat nating gawin kung tayo ay may ipinapanalangin sa Panginoon subalit parang wala tayong kasugutan na natatanggap sa Kanya?
- a. Dapat na tayong gumawa ng paraan upang matupad ang kahilingan.
 - b. Patuloy na magtiwala na igagawad ng Lord ang Kanyang sagot sa ating panalangin.
 - c. Maging pro-active at gawin ang lahat sa abot ng iyong makakaya.
 - d. Wala sa choices.



© Revised April 2023 Conrad Jun Tolosa

All rights reserved. No part of this material may be reproduced, stored in a retrieval system, or transmitted in any form or by any means except for brief quotations for the purpose of review or comments, without the prior permission of the publisher, Philippine Biblical Worldview Foundation, Inc.